## Ang Aspekto ng Panlabang Espirituwal

Tumatawag ako sa Kataas-taasang Panginoong Diyos na sawayin, bigkisin at hatulan ang lahat ng kapangyarihan, pamahalaan, kaharian, dominion, at kasamaan sa likod ng COVID-19 at sa pagkalat nito,

Sumasamo ako sa Amang Diyos na nasa langit, sa Ngalan ng Panginoong Jesus, na puksain ang Corona Virus, pawalan ng lakas at sugpuin ang lahat ng masasamang epekto nito, at palayasin ang lahat ng espiritu ng takot, pagkataranta, kasakiman, galit, kahinaan, pagpatay, at kontrol.

Sumasamo ako sa Diyos na protektahan ang mahihina, ang matatanda, mga maysakit, mga walang tahanan, ang mahihirap, at ang madaling kapitan ng COVID-19.

Sa Ngalan ni Hesus, hinihiling ko sa Diyos na alisin ang kapangyarihang sumasakob sa puso't isip ng tao na mayroong mga espiritung katulad nito at ihayag ang mga malikhaing solusyon na matatagpuan at maipatupad ang mga ito at di mahadlangan sa anomang paraan. Mawala na ang mga pagkakamali, mga kalituhan, at wala nang pagkukulang sa pamamahala ng pagkalat nito.

Karunungan, pagmamahal, katwiran, at kabutihan nawa ang mangibabaw. Nawa'y malaya at walang paghadlang na pagkalooban ng saganang dunong ng Diyos ang mga pamahalaan, doktor, nars, siyentista, at mananaliksik. Ang mga simbahan ay magkaroon ng lakas ng loob na galing sa Panginoong Diyos. Ang Banal na Espiritu ay ipakita kung paano tayo lumapit at manalangin para ang Kaharian ng Diyos ay magbukas sa mga oras na ito at bigyan tayo ng Habag at Grasya para sa mundong nangangailangan ng Panginoong Diyos! Amen!

## Oportunismo

Sa Ngalan ni Hesus, ipinapanalangin namin na iligtas kami sa mga mapagsamantala sa panahong ito. Iwinawaksi namin ang oportunismong pampolitika, oportunismong pampinasyal, lahat ng mga nananamantala, manloloko, at maninila. Ipinagtatanggol namin ang aming mga Kalayaan at nanindigan kami sa banal na Espiritu laban sa lahat ng kumukuha ng aming mga pag-aari, mga Karapatan, o aming Kalayaan.

## Personal na Kaligtasan

Hinihiling namin ang proteksyon ng Panginoon na ayon sa Kaniyang tapat at totoong Salita sa Awit 91

Awit 91:1 "Ang sinomang naghahangad ng pagkupkop ng Kataas-taasan ay mananatili sa pagkalinga ng Makapangyarihan. (9:12) Sasabihin niya sa PANGINOON, “Aking Kanlungan at aking moog, aking Diyos na aking pinagkakatiwalaan.”

(91:3,6) Siya lamang ang magliligtas sa iyo mula sa bitag ng mangangaso, mula sa mapamuksang salot … mula sa salot sa dilim na lihim na bumubuntot, o sa peste na sa hapon ay nangwawasak.

(91: 7,10,11) Sanlibo man ang mabuwal sa iyong tabi at sampung libo sa iyong kanang kamay, ang salot ay di makararating sa iyo … di ka aabutin ng kapahamakan, di makalalapit ang salot sa iyong tahanan. Dahil itatagubilin Niya sa Kaniyang mga anghel na pangalagaan at protektahan ka sa lahat ng iyong gawain.

## Muling Pagkabuhay

Panginoon, humihingi kami ng awa, kagalingan sa sakit, at muling katatagan sa buhay. Patigilin na po ang salot. Pagalingin ang mga maysakit. Magkaroon ng sunod-sunod na himala. Ilapit muli ang mga tao sa Diyos. Gisingin mo kami kay Hesus, para sa habambuhay, sa buhay, at sa kamatayan. Ipagkaloob mo sa amin ang paghahangad sa walang-hanggan.

O Panginoon, ipagkaloob mo sa amin ang aginaldo ng pagsisisi, panalangin, at pagsusumamo. Hayaan mo kaming iwaksi ang lahat ng aming pagmamahal sa mga panandalian at materyal na pag-aari. Hayaan kaming itapon ang aming idolo at talikuran ang aming mga kasalanan. Hayaan kaming huwag maghangad ng kamunduhan, mga bagay sa mundong ito o kapalaluan ng buhay!

Nawa'y ang kabanalan ang magningning na gaya ng mga bituin sa madilim na gabi. Nawa'y magpatuloy ang pagsamba! Nawa'y maitaas ang papuri sa Langit. Nawa'y ang ebanghelyo ay maipalaganao. Ibalik sa aming mga puso ang pagkamangha sa Diyos. Sa Kahanga-hangang Ngalan ni Hesus. Amen.

## Paano Manalangin sa Krisis

Sundin ang halimbawa ng panalangin ni Hesus sa Hardin ng Gethsemane na noo'y panahon ng sukdulang krisis!

1. Napakaraming pagtatangis at luha, hayaang lumabas ang mga nararamdaman. Ang pag-iyak sa harap ng Panginoon at ang pananaghoy ay ganap na biblikal. Tingnan sina Hannah, David, Ezra, atbp. Ang taimtim na panalangin ay ng matwid na Kristiyano ay higit na may nagagawa. (Santiago 5:16)

2. Magtiwala sa iyong Ama sa Langit. Walang gitis sa kung ano ang tama at matuwid. Lumapit sa Diyos at di sa sarili o sa demonyo, mga huwad na propeta o mahikang balani.

3. Hikayatin ang iba, lalo na ang malalapit na kaibigan, na magdasal kasama ka,

4. Magpunta sa isang pribadong lugar na maaari kang managhoy, lumuha, at magpawis ng dugo.

5. Manalangin na para bang dito nakasalalay ang iyong buhay. Huwag susuko. Ibigay ang lahat ng mayroon ka. Huwag antukin o tamarin. Maging pursigido.

6. Paulit-ulit na ipagdasal ang isang bagay – di kukulangin sa tatlong beses nang ipinanalangin ni Hesus ang isang bagay. Nagdasal si Hesus sa loob ng isang oras.

7. Ipahayag nang maliwanag ang nais mo, ang nais mong kalabasan na mula sa ating Ama sa Langit. Magtiwala na makadudulog ka sa trono ng Grasya sa panahon ng pangangailangan dahil kay Kristo (Ebreo 4:14-16) at huwag mong damdamin na ikaw ay maysala o di karapat-dapat. Nilinis ka ng dugo mi Kristo at pinagkalooban ka ng paraan para makalapit sa Kanya. (Romano 5:1, 2)

8. Ipaubaya ang lahat ng kaganapan sa kalooban ng Diyos.

Ebreo 5:7, Mateo 26:36-46, Lucas 22:39-46

Maaari ring makatulong sa iyo ang pakikinig sa iilang audio (mp3) para sa mga panalangin para sa paghilom:
*https://newtestamentprayer.com/podcasts/healing_prayers.html*

# Paano Manalangin sa Panahong ito ng COVID-19

**ni Pastor John Edmiston**

*Ang polyetong ay Creative Commons at maaaring ipamahagi nang walang bayad.*



Website: www.newtestamentprayer.com

Website: www.newtestamentprayer.com

Sa paglalathala ng polyetong ito, piliin ang "print both sides, flip on short edge".